Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs)

ALAMEDA Alliance FOR HEALTH | Alliance Wellness | nations benefits

# Mga Madalas Itanong (FAQs)

**T: Paano gumagana ang NationsBenefits® sa aking planong pangkalusugan?**
S: **Nakipagtulungan ang Alameda Alliance Wellness (HMO D-SNP)** sa NationsBenefits para maibigay ang iyong Over-the-Counter (OTC) na benepisyo.

**T: Paano ako makaka-order?**
S: May ilang paraan para maka-order ka:

- Bumisita sa **www.AllianceWellness.NationsBenefits.com**
- I-download ang Benefits Pro® App
- Tumawag sa **1.877.408.7542 (TTY: 711)**
- Kumumpleto at magpadala ng form sa pag-order sa pamamagitan ng koreo

**Mahalaga:** Hinihikayat ka naming maglaan ng higit pang oras para sa mga mail order. Mas matagal iproseso ang mga mail order. Kung hindi matatanggap ang iyong order bago lumipas ang ika-20 ng buwan, puwede itong iproseso sa susunod na panahon ng benepisyo. Kung gusto mong ilapat ang iyong order sa kasalukuyang panahon ng benepisyo, inirerekomenda naming online o sa pamamagitan ng telepono ka mag-order.

**T: Paano ko mada-download ang Benefits Pro® App?**
S: I-scan ang QR code na ito para ma-download ang Benefits Pro® App sa iyong mobile device mula sa App Store® o Google Play®.

Download on the App Store
GET IT ON Google Play

**T: Anong uri ng mga produkto ang puwedeng i-order?**
S: Mayroon kang access sa iba't ibang OTC na gamot, produkto para sa kalusugan at wellness, supply para sa paunang lunas, at iba pang kwalipikadong item.

**T: Kailan ide-deliver ang order ko?**
S: Ipinapadala namin ang mga order sa loob ng dalawang (2) araw ng negosyo. Nakadepende ang tagal ng delivery sa kung saan ka nakatira.

**T: Puwede ko bang kanselahin ang order ko?**
S: Oo, puwede mong kanselahin ang iyong order anumang oras bago ito ipadala sa pamamagitan ng pagtawag sa NationsBenefits nang toll-free sa **1.877.408.7542 (TTY: 711)**. Puwede mong kanselahin ang iyong order sa Benefits Pro Portal o App sa loob ng isang (1) oras pagkatapos mong mag-order.

H2035_26_03025_D-SNP_MBR_MO_OTCFAQ_C ACCEPTED 01032026

# Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs)

**T: Saan nagpapadala ang NationsBenefits®?**
S: Puwedeng ipadala ang mga order sa kahit saan sa Estados Unidos (United States, U.S.), kasama ang Hawaii, at Puerto Rico.

**T: May bayad ba ang pagpapadala?**
S: Wala, ipapadala ang iyong order nang walang dagdag na bayad.

**T: Paano ko mata-track ang aking order?**
S: Puwede mong i-track ang iyong order sa pamamagitan ng pag-log in sa Benefits Pro Portal o Benefits Pro App. Pumunta sa **Account > Order History (History ng Pag-order) > Order Details (Mga Detalye ng Order)** para ma-access ang iyong tracking ID at makakuha ng mga real-time na update.

**T: Ano ang patakaran sa pagsasauli o pagpapapalit?**
S: Dahil personal na ginagamit ang mga produktong ito, hindi namin pinapayagan ang pagsasauli ng mga produkto.

**T: Kanino ako makikipag-ugnayan para sa mga tanong?**
S: Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong order, tumawag sa NationsBenefits nang toll-free sa **1.877.408.7542 (TTY: 711)**. Available ang Mga Tagapayo sa Karanasan ng Miyembro nang 8 am - 8 pm sa lokal na oras. May mga available na libreng serbisyo para sa suporta sa wika.

Ang Alameda Alliance Wellness ay isang HMO D-SNP plan na may kontrata sa Medicare at kontrata sa Medi-Cal (Medicaid) Program ng Estado ng California. Ang pagpapatala sa Alameda Alliance Wellness ay nakadepende sa pag-renew ng kontrata.

Ang App Store® at logo ng Apple® ay mga trademark ng Apple Inc. Ang Google Play® at logo ng Google Play® ay mga trademark ng Google LLC.
©2025 NationsBenefits, LLC. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang NationsBenefits ay nakarehistrong trademark ng NationsBenefits, LLC. Ang lahat ng iba pang ipinapakitang trademark ay pag-aari ng mga kaukulang may-ari.
12312025